## EKSIBIT A

ISANG INISYATIBONG ORDINANSA NG LUNSOD NG SAN JOSE NA SUMUSUSOG SA PAMAGAT 4 NG KODIGONG MUNISIPAL NG SAN JOSE UPANG ATASAN ANG MGA TAGA-EMPLEYO NA MAG-ALOK NG MGA ORAS NG TRABAHO SA MGA KUWALIPIKADONG PART-TIME NA EMPLEYADO SA KASALUKUYAN BAGO KUMUHA NG MGA BAGONG TAUHAN

KUNG SAAN kailangan ng mga manggagawa na magtrabaho nang ilang oras upang kumita nang sapat kada linggo at matugunan ang mga pangangailangan ng kanilang mga pamilya, at kung saan nakakatulong ang mga pampublikong patakaran sa pag-abot ng layuning iyon; at

KUNG SAAN maraming taga-empleyo ang pinipiling kumuha ng mga part-time na manggagawa upang maiwasan ang pagbibigay ng segurong pangkalusugan at iba pang mga benepisyong nauugnay sa trabaho; at

KUNG SAAN libu-libong empleyado na nagtatrabaho nang orasan sa munisipal na lugar ng San Jose ang gustong magtrabaho nang full-time ngunit part-time na trabaho lang ang nakukuha; at

KUNG SAAN nahihirapan ang mga empleyado na magkaroon ng pangalawa at pangatlong trabaho bilang pandagdag sa kanilang kinikita dahil sa paiba-ibang oras ng trabaho na nauugnay sa maraming part-time na trabaho;

KUNG SAAN naitataguyod ang mga pangkalahatang interes ng Lunsod sa pamamagitan ng pagsusulong ng mga full-time na trabaho at paggawa ng mga trabahong makakapagbigay ng sapat na kita sa mga manggagawa at sa kanilang mga pamilya; at

KUNG SAAN ang pagbibigay ng full-time na trabaho sa mga manggagawa na gustong magkaroon nito ay magbibigay-daan sa kanilang matugunan ang kanilang mga pangunahing pangangailangan at maiwasan ang kahirapan, habang nagbibigay pa rin ng mga oportunidad sa mga manggagawa na gustong magtrabaho nang part-time; at

KUNG SAAN tumatagal ang oras na kailangang pagtrabahuhan ng mga manggagawa upang kumita nang sapat dahil sa dagdag na gastos sa pagko-commute mula sa iba't ibang part-time na trabaho; at

KUNG SAAN nakakasama sa kalikasan ang dagdag na pagko-commute mula sa iba't ibang part-time na trabaho; at

KUNG SAAN layunin ng ordinansang ito na pahusayin ang kalidad ng mga serbisyong ibinibigay ng Lunsod sa publiko sa pamamagitan ng pagpapababa sa bilang ng mga manggagawang pinapalitan at sadyang lumiliban sa trabaho; at

KUNG SAAN magkakaroon ng sapat na kita at tiyak na maisasaalang-alang ang karapatan ng mga manggagawa sa pamamagitan ng agaran at maayos na pagpapatupad sa Kabanatang ito.

NGAYON, DAHIL DITO, PINAGTITIBAY NG MGA MAMAMAYAN NG LUNSOD NG SAN JOSE ANG SUMUSUNOD:

SEKSIYON 1. Sa pamamagitan nito, nasusugan ang Pamagat 4 ng Kodigong Munisipal ng San Jose na magdagdag ng panibagong Kabanata na bibigyan ng numero at mababasa bilang ang:

KABANATA 4.101

"Ordinansa para sa Pagkakataong Magtrabaho."

4.101.010 PAMAGAT.

Ang ordinansang ito ay tatawagin na "Ordinansa para sa Pagkakataong Magtrabaho."

4.101.020 AWTORIDAD.

Ang Kabanatang ito ay pinagtibay alinsunod sa kapangyarihang ibinigay sa Lunsod ng San Jose sa ilalim ng mga batas at Saligang-batas ng Estado ng California, ngunit hindi limitado sa kapangyarihang ibinigay ng pulisya sa Lunsod alinsunod sa Artikulo XI Seksiyon 7 ng Saligang-batas ng California at Seksiyon 1205(b) ng Batas sa Paggawa ng California.

4.101.030 MGA PAGPAPAKAHULUGAN.

Narito ang mga magiging kahulugan ng mga sumusunod na termino:

A. Ang "chain" ay tutukoy sa isang hanay ng mga negosyong may iisang brand o pare-parehong opsyon pagdating sa dekorasyon, pagpapalaganap, packaging, mga produkto o serbisyo.

B. Ang "lunsod" ay tutukoy sa kahulugang nakasaad sa Seksiyon 4.100.030.

C. Ang "empleyado" ay tutukoy sa kahulugang nakasaad sa Seksiyon 4.100.030.

D. Ang "taga-empleyo" ay tutukoy sa sinumang tao, kasama ang mga pangkorporasyong opisyal o tagapagpaganap, gaya ng inilalarawan sa Seksiyon 18 ng Batas sa Paggawa ng California, na
   1. nagbibigay o kumokontrol sa mga sahod, oras ng pagtatrabaho o kundisyon sa trabaho ng sinumang Empleyado sa direkta o hindi direktang paraan sa pamamagitan ng ibang tao, kasama ang mga serbisyo ng isang ahensiya para sa pansamantalang trabaho, ahensiya na kumukuha ng mga tauhan o katulad na entidad;
   2. napapailalim sa Buwis sa Lisensiya sa Negosyo Kabanata 4.76 ng Kodigong Munisipal o may isang negosyo sa lunsod na hindi kailangang magbayad ng buwis na ipinapataw ng Kabanata 4.76 alinsunod sa batas ng estado.

E. Ang "prankisya" ay tutukoy sa kahulugang nakasaad sa seksiyon 20001 ng Kodigo ng mga Negosyo at Propesyon ng California.

F. Ang "franchisee" ay tutukoy sa kahulugang nakasaad sa seksiyon 20002 ng Kodigo ng mga Negosyo at Propesyon ng California.

G. Ang "opisina" ay tutukoy sa kahulugang nakasaad sa Seksiyon 4.100.030.

H. Ang "pagganti" ay tutukoy sa anumang uri ng paninindak, pagbabanta, paghihiganti, pananakot, diskriminasyon o mapaminsalang pagkilos sa trabaho, kasama ang pagpapataw ng parusa, pagpapaalis, pagsususpinde, paglipat o pagtatalaga sa mas mababang posisyon pagdating sa uri ng trabaho, seguridad sa trabaho, o iba pang kundisyon ng trabaho, pagkakaltas ng sahod o oras ng trabaho o hindi pagbibigay ng mga karagdagang oras, pagsasabi sa ibang Empleyado na nagsagawa ang pinag-uusapang Empleyado ng mga aktibidad na pinoprotektahan ng artikulo, o pag-uulat sa, o pagbabantang iulat ang aktwal o pinaghihinalaang status sa pagkamamamayan o imigrasyon ng isang Empleyado, dating Empleyado o kapamilya ng empleyado sa isang ahensiya ng pederal, estado o lokal, dahil pinaglaban ng nabanggit na Empleyado o dating Empleyado ang kanyang karapatan sa ilalim ng kabanatang ito.

I. Ang "shift" ay tutukoy sa magkakasunod na oras ng trabaho kung kailan inaatasan ng isang Taga-empleyo ang isang Empleyado na magtrabaho o maging handang magtrabaho. Ang mga pahinga na inaabot nang dalawang oras pababa ay hindi dapat ituring na pagkaantala ng nabanggit na magkakasunod na oras.

J. Ang "Programa para sa Kapakanan sa Trabaho" ay tutukoy sa kahulugang nakasaad sa Seksiyon 4.100.030.

K. Ang "iskedyul ng trabaho" ay tutukoy sa lahat ng regular at on-call na shift ng isang Empleyado, kasama ang mga partikular na oras ng pagsisimula at pagtatapos ng bawat shift sa loob ng pitong magkakasunod na araw.

4.101.40 ACCESS SA MGA ORAS NG TRABAHO NG MGA KUWALIPIKADONG PART-TIME NA EMPLEYADO.

A. Bago kumuha ang isang Taga-empleyo ng mga bagong Empleyado o subcontractor, o gumamit ng mga ahensiya para sa mga pansamantalang serbisyo o ahensiyang kumukuha ng mga tauhan, dapat muna siyang mag-alok ng mga karagdagdang oras ng trabaho sa mga kasalukuyang Empleyado na may mga kasanayan at karanasang gawin ang

isang trabaho ayon sa tapat at makatuwirang pagpapasiya ng Taga-empleyo, at dapat siyang gumamit ng isang transparent na proseso na walang diskriminasyon upang mahati ang mga oras ng trabaho sa mga nabanggit na kasalukuyang Empleyado.

B. Mayroong karapatan ang Lunsod na maglabas ng mga alituntuning makakahimok sa mga Taga-empleyo na gumawa ng mga oportunidad sa pagsasanay upang mabigyang-daan ang mga Empleyado na gawin ang trabaho kung saan nangangailangan ng karagdagang oras ng trabaho ang Taga-empleyo.

C. Ang seksiyong ito ay hindi dapat bigyang-kahulugan sa paraang mag-aatas sa sinumang Taga-empleyo na mag-alok ng mga oras ng trabaho sa isang Empleyado kung kakailanganin ng nabanggit na Taga-empleyo na bayaran ang naturang Empleyado ng isa't kalahating rate o iba pang premium na rate alinsunod sa anumang batas o kasunduan sa sama-samang pakikipagkasundo, o upang pagbawalan ang sinumang Taga-empleyo na mag-alok ng mga ganoong oras ng trabaho.

4.101.050 PAGBIBIGAY NG PAUNAWA, PAGPAPASKIL AT PAGPAPANATILI NG MGA REKORD.

A. Ang Opisina ay dapat maglathala at ang mga Taga-empleyo ay dapat magpaskil ng isang paunawa tungkol sa mga karapatan ng Empleyado sa ilalim ng Kabanatang ito alinsunod sa seksiyon 4.100.060.

B. Malalapat ang mga tadhana ng pagpapanatili ng rekord ng seksiyon 4.100.600(C) sa Kabanatang ito. Ang mga Taga-empleyo ay dapat magpanatili ng:

1. Para sa pagkuha ng mga bagong Empleyado o subcontractor, dokumentasyon ng alok na mga karagdagang oras ng trabaho sa mga kasalukuyang Empleyado bago ituloy ang pagkuha ng mga empleyado;

2. Mga iskedyul ng trabaho ng mga empleyado; at

3. Iba pang mga rekord na kailangang panatilihin ng mga Taga-empleyo ayon sa iniaatas ng Opisina upang magpakita ng pagsunod.

4.101.060 PAGGANTI, PAGPAPATUPAD, PAGSASAKATUPARAN, AT MGA BAYARIN.

Ang mga tadhana ng mga seksiyon 4.100.070, 4.100.080, 4.100.090, at 4.100.120 ay dapat ganap na malapat sa Kabanatang ito, ngunit walang mga multa, bayarin o parusang sibil ang dapat tasahin para sa unang paglabag ng isang Taga-empleyo sa 4.101.040.

4.101.070 KAUGNAYAN SA IBA PANG MGA KINAKAILANGAN.

Ang Kabanatang ito ay nag-aatas sa mga Taga-empleyo na mag-alok ng mga oras ng trabaho sa mga kasalukuyang kuwalipikadong part-time na Empleyado, at hindi dapat bigyang-kahulugan upang mapigilan, malimitahan o maapektuhan ang paglalapat sa iba pang batas, regulasyon, kinakailangan, patakaran o pamantayan na nagbibigay-daan sa pagbabayad ng mas malalaki o pandagdag na sahod o benepisyo, o nagpapalawig ng iba pang mga proteksiyon.

4.101.080 PAGKALIBRE PARA SA MGA PROBLEMANG PAMPINANSYAL.

A. Maaaring magbigay ang Opisina ng pagkalibre para sa mga problemang pampinansyal sa loob ng hanggang 12 buwan sa isang Taga-empleyo na magpapakita na:

1. Tapat na nagsagawa ang Taga-empleyo ng mga makatuwirang hakbang upang sumunod; at

2. Walang paraan, imposible o malabong gawin ang ganap at agarang pagsunod.

B. Dahil dito, maaaring palawigin ng Opisina ang pagkalibre para sa mga problemang pampinansyal sa increment na labingdalawang buwan kung maipapakita ng Taga-empleyo na hindi pa rin nawawala ang mga nabanggit na problemang pinansyal sa kabila ng pagsisikap niyang sundin ang iniaatas ng batas.

4.101.090 PAGKALIBRE SA MALIIT NA NEGOSYO.

Ang isang maliit na negosyo na kuwalipikado sa ilalim ng Kodigong Munisipal Seksiyon 4.12.060 ay malilibre mula sa paglalapat ng Kabanatang ito, sa kundisyong:

(A) Para sa isang chain ng negosyo na hindi pag-aari ng franchisee, tutukuyin ang bilang ng mga Empleyado upang maging kuwalipikado bilang isang maliit na negosyo sa pamamagitan ng pagkakalkula sa kabuuang bilang ng mga Empleyado sa bawat lokasyon ng chain ng negosyo, nasa Lunsod man ito o hindi.

(B) Para sa isang franchisee, tutukuyin ang bilang ng mga Empleyado upang maging kuwalipikado bilang isang maliit na negosyo sa pamamagitan ng pagkakalkula sa kabuuang bilang ng mga Empleyado sa bawat lokasyong pag-aari ng franchisee na iyon na pinapatakbo sa ilalim ng iisang prankisya, nasa Lunsod man ito o hindi.

4.101.100 PAGLALAPAT SA MGA PROGRAMA PARA SA KAPAKANAN SA TRABAHO.

Ang Kabanatang ito ay malalapat sa mga programa para sa Kapakanan sa Trabaho, kung saan kailangang magtrabaho ng mga tao upang makakuha ng mga benepisyo, sa kundisyong ang mga kalahok sa nabanggit na programa; ay dapat magkaroon ng opsyong maghain ng nakasulat na pahayag sa kanyang Taga-empleyo na nagsasabing ayaw na niyang mapailalim sa 4.101. 040.

4.101.110 SAMA-SAMANG PAKIKIPAGKASUNDO ALINSUNOD SA BATAS NA PEDERAL.

Ganap na malalapat ang mga tadhana ng seksiyon 4.100.050 sa Kabanatang ito.

4.101.120 PAGSUSOG NG KONSEHO NG LUNSOD.

Ang Kabanatang ito ay maaaring susugan ng Konseho ng Lunsod pagdating sa pagpapatupad o pagsasakatuparan nang hindi pinagbobotohan ng mga botante, upang maabot ang mga layunin ng Kabanatang ito, ngunit hindi sa paraang makakaapekto sa mga makabuluhang kinakailangan ng Kabanata o sa lawak ng sakop nito.

SEKSIYON 2.  PETSA NG PAGKAKABISA.

Magkakabisa ang ordinansang ito sa ikasiyamnapung (90) araw matapos itong masertipikahan.  Malalapat lang ang ordinansang ito sa mga pangyayari sa hinaharap.

SEKSIYON 3.  KAKAYAHANG IHIWALAY.

Kung mapag-aalamang hindi wasto ang anumang bahagi o tadhana ng ordinansang ito, o ang pagkakalapat ng ordinansang ito sa sinumang tao o sitwasyon, hindi dapat maapektuhan ang iba pang mga bahagi ng ordinansang ito, kasama ang pagkakalapat ng nabanggit na bahagi o mga tadhana sa iba pang mga tao o sitwasyon, at dapat ay ganap pa ring maipatupad at magkabisa ang mga ito.  Sa puntong ito, maaaring paghiwa-hiwalayin ang mga tadhana ng ordinansang it.